International Journal of Arts, Humanities, and Literary Studies
Volume 1, Issue 1 | May 2024
*Available online at: https://sites.google.com/view/hirayajournal/home*

# PALIHAN AT GAWAING EKSTENSIYON: ISANG PAGDALUMAT SA TALIPAPÂ: ANTOLOHÍYA NG MGA TULÂNG PAMBATÀ BILANG KRITIKAL NA PEDAGOHIYA TUNGONG MALIKHAING POSIBILIDAD

**Rene Boy E. Abiva, MA, D. Litt. (Hon. Causa)**
Direktor, Community Extension & Outreach Program, Manuel V. Gallego Foundation Colleges, Inc.
rbabivamvgallego@gmail.com

## Abstrak

Ipinopook sa papel na ito ang halaga ng konsiyentisasyon, pagpopook, at pagpapakahulugan sa ilang mga piling tula na nakapaloob sa Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà (2023). Sa ganang ito, kinasangkapan ng mananaliksik ang *conscientization theory* ni Paulo Freire at iniugnay ito sa post-kolonyal na diskurso ni Gayatari Spivak upang mabuo ang isang matapat, lapat sa lupa, at makatotohanang pampanitikang kritisismo. Bahagi ng ginawang paghihimay sa buong libro ang pag-uugnay sa naging gawain sa ekstensiyon ng *Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC)* sa *Talipapa Elementary School (TES),* Barangay Talipapa, Siyudad ng Cabanatuan, Nueva Ecija.

Ginamit ang dalawahang lente ng pagbasa upang masipat, masuri, at masiyasat ang mga tula na lagpas sa panuntunan ng kumbensyunal na pagsusuri sa panitikan, sa tula bilang *genre,* at sa teksto bilang turnilyo ng/sa talinghaga at pananalinghaga. Hindi lamang ito malikhain kundi politikal din na pagbasa sa buong proyekto sapagkat ang pagkakaroon ng loob at labas ay patunay lamang na maging sa panitikan ay may usapin ng representasyon at re-presentasyon sa espasyo at panahon. Makikita ito sa ginawang integratibong pamamaraan kung saan kasama sa buong proyekto ang mga piling mag-aaral at fakulti ng *MVGFC High School Department* at *Institute of Teacher Education*. Ang kolaboratibong pedagohiyang ito ang siyang sandigan upang umiral ang batas ng dialektika sa buong pagpoproseso at proseso ng *conscientization*. Panghuli, sinisiyasat ng papel na ito ang pagpopook at pagpapakahulugan sa gamit at halaga ng palihan bilang epektibong lunsaran ng diskurso at malikhaing produksiyon.

Diskursibo sa madaling sabi ang papel na ito sapagkat kinakatawan nito ang hindi pasibong preliminaryong pagsusuri sa buong libro sapagkat tampok dito ang kilos at galaw ng kapangyarihan lagpas sa itinakda ng mga teksto sa loob ng mga tula. Nasasapul at sinasapul ng pakikipagtalabang ito ang pagtatampok sa kakayahan ng mga bata sa paglikha ng isang bagong anyo ng pagpopook at pagpapakahulugan sa loob ng kanilang espasyo at panahon. Sa pamamagitan ng kolektibong paglikha, muli nilang inaangkin ang isang larangan at kanilang sama-samang itinatanghal ang bagong anyo ng paglikha ng/sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pananalinghaga gamit ang sining ng pagtula.

***Susing-Salita:*** *Conscientization Theory, Palihan, Gahum, Malikhaing Pagsulat, Pampanitikang Kritisismo*

## PASAKALYENG PANUNTUNAN: ANG PALIHAN

Ang MVGFC, na mas kilala noong 1960 bilang *Central Luzon School of Nursing (CLSN)*, ay ang kauna-unahang paaralan ng narsing sa Rehiyon 3. Ito ay itinatag ni Dr. Manuel Viola Gallego na isang edukador, mambabatas, at diplomatiko. Ang pangunahing prinsipyo ng institusyon ay ang pagbibigay ng ganap na pagkakataon para sa pangkalahatang pag-unlad sa mga taong hindi gaanong nakakaalwan sa buhay upang mamuhay ng mas maganda at makatulong sa lipunan. Bukod dito, nakasaad sa manwal ng MVGFC na *"Naniniwala kami sa pagbibigay ng aming mga indibidwal at kolektibong kasanayan at mga mapagkukunan sa komunidad upang mapabuti ang kalidad ng buhay tungkol sa pilosopiyang pang-edukasyon ng institusyon sa mga ekstensiyon. Malakas, nakikita, at namamahala ang kanilang presensya sa pamamagitan ng kilos. Sinusuportahan nila ang isang 'kamay sa kamay' na pamamaraan ng pamamahala na nangangahulugan na naroon sila kung saan nagaganap ang mga pangyayari habang sinusubaybayan, sinusuri, dinadalumat, nakikipag-ugnayan, nagtatanong, nagsisiyasat, natututo, at nauunawaan ang sitwasyon, suliranin, at pangangailangan* (MVGFCI, 1990).*"*

Sa puntong ito, kailangang bigyang-diin ang pagbibigay halaga [ na maaaring mulat at hindi mulat] ni Dr. Gallego sa nosyon ng "indibidwal at kolektibong kasanayan", "kalidad ng buhay", "pamamagitan ng kilos", at "natututo, at nauuunawaan ang sitwasyon, suliranin, at pangangailangan" na kung pagsasamasamahin lahat ang mga ito'y hahantong sa tinatawag na kolektibidad. Ang mga salitang ito, kung susuuring maigi ng isang linggwista halimbawa ay pawang mga salitang-galaw [*action word*] lamang ito pero maaaring taliwas para sa mga kritiko sa larangan ng sosyolohiya at diskursibong panitikan sapagkat sa post-kolonyal na pagsusuri at tradisyon, manipestasyon ang mga salitang ito ng/sa isang mas mataas na anyo ng diskurso hinggil sa kapangyarihan na maaaring sa indibidwal o sa buong pamayanan. Iniisip ko sa kabilang banda kung maagang nabatid ni Dr. Gallego ang halaga at gamit ng *conscientization theory* ni Paulo Freiri na kung tutuusi'y nabuhay sila sa parehong yugto ng panahon at kasaysayan [espasyo] ng kanilang sariling bayan na parehong dumaan sa kamay ng mga kolonisador.

Ang mga *Higher Education Institutions (HEIs)* ay may responsibilidad hindi lamang sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon kundi pati na rin sa pag-aambag sa ikabubuti ng lipunan sa pamamagitan ng mga serbisyong pangkomunidad na pang-ekstensiyon (*Community Extension Services o CES*). Kaya, ang MVGFC ay ipinatutupad ang layuning ito sa pamamagitan ng *Community Extension and Outreach Office (CEOP)* at may diin sa mga programang pagtuturo, pagkatutuo, at pananaliksik ng buong institusyon. Ang mga serbisyong pangkomunidad na pang-ekstensiyon ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng indibidwal at pamayanan. Nagiging tulay ito sa pagitan ng institusyon at komunidad, nagpapadali sa paglipat ng kaalaman, kasanayan, at teknolohiya mula sa akademikong sektor patungo sa komunidad. Layunin nito ang pagbibigay ng kapangyarihan sa mga indibidwal at komunidad sa pamamagitan ng paghahatid ng mga kinakailangang kagamitan at iba pang *resources* upang tumaas pang lalo ang kanilang kakayahang harapin ang patuloy sa pagbabagong mundo sa pangkalahatan.

Sa papel na ito, ibubunyag ko ang kuwento ng isang panlipunang eksperimento sa pagtuturo at pagkatutong isinagawa sa pamamagitan ng palihan o *workshop* sa *Talipapa Elementary School* sa Barangay Talipapa, Siyudad ng Cabanatuan mula Pebrero 6 hanggang Abril 24 kung saan aking mulat na ginamit ang mga layunin ng kritikal na pedagohiya ni Freire. Sa unang araw ay aking ginamit ang

*Problem Based- Learning (PBL)* na ikawalo sa mga muhon ng *conscientization theory*. Sa pedagohiyang ito ay hinayaan ko munang magsulat ng tula ang mga mag-aaral na kalahok para sa layuning masuri at matasa nang mabuti ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng tula bago isagawa ang palihan [*needs assessment* ang tawag ng iba rito na kumbaga'y tinutukoy kung saan talaga nagmumula ang sakit]. Sila rin mismo ang pumili ng paksang kanilang tatalakayin. Pagkatapos suriin ang kanilang kapasidad ay dito ko pa lamang sinimulan ang pagpopook ng metodong aking gagamitin at nang sa gayo'y organikong umangkop ang lebel ng teoretikal na pag-aaral na aking ibinigay hinggil sa pagsulat ng tula. Ang pag-aangkop ay bahagi ng tinatawag na pagpopook (Spivak, 1987) kung saan layunin nitong gawing mas kapakipakinabang ang teorya sa pang-araw-araw na praxis. Ang sunod na hakbang ay ang pabibigay sa kanila ng pagkakataong kinisin ang kanilang mga akda sa pamamagitan ng paggamit at paglalapat ng ilan sa mga bahagi ng teorya na sa tingin nila'y kapakipakinabang sa kanilang tula at upang ito'y mas maging mahusay at umangat ang lebel ng imagismo, retorika, at anyo sa kabuuan.

Naglaan ako ng isang buong araw para maisagawa ang proseso ng palihan kung saan kolektibong sinuri ang akda ng bawat kalahok. Mas pinatingkad ng palihan ang kolektibong paglikha na mas nagbigay ng espasyo sa indibidwalidad na lumabas sa pisikal nitong lunan at lumahok sa tinatawag na kolektibidad o *collective action* (Freire, 1975). At para maging buo ang malikhain at malayang pedagohiya, ibinigay natin sa isang grupo ng mga kalahok na ang tuon ay sa paglikha ng dibuho at malaya rin nilang ginawa ang tinatawag na *conversion process* (Freire, 1975) o muling pagsasatinig kung saan lumikha sila ng imahen na sa tingin nila ay akma sa mensahe ng tula. Naging kalahok din sa palihan ang mga piling mag-aaral at fakulti ng *MVGFC High School Department* at *Institute of Teacher Education*. Nang maipasok na ang mga mungkahing rebisyon mula sa kanilang lebel ay akin nang hinawakan ang tungkulin ng pagiging punong-patnugot na siyang nagtiyak na mabuo ang isang buong manuskrito, nailapit ito sa pabliser, natiyak na magkakaroon ito ng sariling ISBN mula sa *National Library of the Philippines (NLP)*, at natiyak na may isponsor na makakatulungan sa pinansiya at produksiyon.

Bahagi ng *conscientization* ang pagbibigay ng pagkakataon para sa mga panlabas na salik para matagumpay na maisagawa ang tinatawag na *Transformational Learning (TL)*. Sa simpleng eksplanasyon, ito ang dialektikal na ugnayan ng loob at labas (Bhaba,1987). Pinunan ng mga panlabas na salik ang malaking pangangailangan ng proyekto sa loob gaya ng mga sumusunod na samahang may kolektibong adbokasiya sa edukasyon at ayuda sa mga nangangailangang komunidad: Order of the Knights of Rizal- Cabanatuan at Naga Chapter, Independent Order of Odd Fellows- Nueva Ecija Lodge No. 38 at Kafagway Lodge No. 56, Cabanatuan City Masonic Lodge No. 53, Palayan City Masonic Lodge No. 331, Gran Masoneria Lohia Soberania, Knights of Phythias, at Samahang Lazaro Francisco. At ang bunga ng kolektibisasyon na ito ay ang pagkakalimbag nga ng librong Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà (2023) na inilimbag ng 7 Eyes Production (OPC) na may ISBN 978-621-8184-47-2.

Minaksimisa ko sa madaling sabi ang kapangyarihan ng sining ng pagsulat ng tula at pagguhit ng imahen sa balangkas na "buksan ang silid-aralan" sa mundo o pamayanan na kinabibilangan ng mga bata, maiugnay ito sa kanila, at maibigay sa ang pinakamataas na kalayaan ng pagdalumat kung saan naging malaya ang mga mag-aaral na pumili ng *subject* para sa kanilang obra. At sa halip na maging tradisyunal na guro, ay nagsilbi lamang akong tagapagsuri sa mga lumabas na pangangailangan, tagapagpadaloy ng kaalaman, at tagatiyak na mapapahusay ang mga likha ng mga

International Journal of Arts, Humanities, and Literary Studies
Volume 1, Issue 1 | May 2024
Available online at: https://sites.google.com/view/hirayajournal/home

mag-aaral hanggang sa ito'y mailabas sa publiko bilang isang libro na maaaring magamit ng mga bata at guro sa elementarya para higit na maging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto at masukat ang epektibidad sa kabilang banda. Kung gayon, masusukat lamang ang kapangyarihan ng isinagawang *conscientization* sa pamamagitan ng kolektibisasyon sa mga mag-aaral ng *Talipapa Elementary School* at iba pang organisasyon na nakasama sa buong proseso sa lundo ng pagtugon ng mga teksto at talinghaga sa espasyo at panahon (San Juan, 2018).

## TUNGKONG-KALAN SA/NG PAG(DA)DALUMAT

Si Paulo Freire (1921-1997) ang nagtakda ng *conscientization theory (1975)* o mas popular na kilala bilang ang kritikal na kamalayan bilang isang paraan ng pagtutulak at pag-uudyok sa kamalayan na tunguhin ang realidad na sosyopolitikal at upang baguhin ito. Ang kaisipang pang-edukasyon ni Freire ay nakatuon sa pagtuturo/pagkatuto sa mga kalagayan ng sosyo-ekonomikong hindi pagkakapantay-pantay at sa paraan kung paano ang mga komunidad na nahaharap sa panlipunang pagkakabansag ay maaaring magsama-samang mangarap at magsikap upang baguhin ang mga kondisyon na nagdudulot sa kanila ng pighati na kanilang kinakaharap. Siniyasat ni Freire ang pangkaraniwang paraan ng edukasyon, na kaniyang inihahalintulad sa isang sistemang bangko na nagiging sanhi ng pagiging pasibo ng mga mag-aaral bilang tumatanggap lamang ng kaalaman. Sa sistemang ito, ang mga guro ay nagiging mga tagapag-iwan ng impormasyon sa mga mag-aaral na inaasahang susundan nila ito sa pamamagitan ng pagmememorya. Ang ganitong paraan ay nagdudulot ng pagkakahiwalay sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, na nagiging sanhi ng pagkawala ng kanilang pagkatao o *subjectivity*. Naniniwala si Freire na ang edukasyon ay hindi maaaring maging *neutral*, at ito ay maaaring magpalaya o mang-api sa mga tao. Upang hindi maging kasangkapan sa pang-aapi, dapat magtatag ang edukasyon ng bagong ugnayan sa pagitan ng mga guro, mga mag-aaral, at lipunan. Dagdag pa, *"Freire suggested that using political words, which he referred to as "generative themes," would stimulate discussion and motivate learners to understand the power dynamics around them (Deb, 2020)."*
Ang kritikal na kamalayan ay batay sa pagtanggap ng pantay na pagkakataon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro, na humantong sa isang karanasan na kapwa pareho silang nag-aaral sa ilalim ng isang karanasan [halimbawa ay sa palihan]. "Ito ang etika at moralidad ng edukasyon (San Juan, 2018)." Ito'y nagpapamalas ng kamalayan na kung tutuusin ay higit sa komun na alam ng lahat sapagkat labas sa mga estruktura ng kapangyarihan, kasama na ang kapangyarihan sa loob ng silid-aralan [yaong nakasanayang *superior* na posisyon ng guro at *inferior* na posisyon ng mag-aaral dahil ito ang isinasaad ng tradisyunal at kumbensyunal na nakasanayan sa pagtuturo at pagkatuto] at nagtataguyod sa mga hindi pinagkakalooban ng pribilehiyo na gamitin ang kalayaan at responsibilidad bilang mga ahente ng lipunan sa kabuuan at makapagluwal ng praxis na nakabatay sa demokratisasyon at pagiging malikhain na saklaw maging ang takbo at nilalaman ng pagtuturo at pagkatuto upang maipakita ang kanilang mga alalahanin/ suliranin sa paraang maaaring lubhang magkaiba sa tradisyunal na pagtuturo at pagkatuto sa/ng isang inilapat na kurso [sapagkat dahil nga ito sa umiiral na kapangyarihan sa loob ng silid-aralan]. Mahalaga ito sapagkat, *"Education has had a dual purpose throughout history, aiming to enlighten people's consciences and shape the minds of future generations, impacting interpersonal interactions, communities, and societies. However, globalization has transformed people's perspectives and the way they perceive the world, leading to changes in education's mission, function, orientation, and structure (Avoseh M., 2009)."* Ang pag-iral ng globalisasyon, halimbawa, ay lalong nagpapalaki sa dibisyon sa pagitan ng *metropolitan* [bayan] at *peripheral* [nayon] na siyang nagluluwal naman sa tinatawag na diskurso (Foucault, 1972).

International Journal of Arts, Humanities, and Literary Studies
Volume 1, Issue 1 | May 2024
*Available online at: https://sites.google.com/view/hirayajournal/home*

## MGA MUSMOS NA MUSA, KAYA BA NILANG MAGSALITA?

Sa unang bahagi pa lamang ng librong Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà (2023) ay mababasa na ang mensaheng ito ni Dr. Joseph L. Gallego, "Ang librong *Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà* ay naglalaman ng mga malikhaing talento at artistikong ekspresyon ng mga mag-aaral sa Talipapa. Sinasalamin ng kanilang mga tula at sining kung paano nila binigyan at binibigyan ng kahulugan ang mundong kanilang ginagalawan. Ipinapasilip nila sa atin ang kanilang mundo- isang mundo kung saan puno ito ng kasiyahan at pag-asa sa hinaharap (pg.7)." Magmumula sa linyang ito ang pundasyon ng lente na ating gagamitin sa pagdalumat sa ilang mga tula alinsunod pa rin sa unibersal na katangian ng *conscientization theory*. Ang tawag sa ganitong paglalatag ng lente ay pagpook (Lukacs, 1964). Ang pagpopook, sa kabilang dako, ay paglikha ng kahulugan (Spivak, 1987).

Sa ganang aki'y dapat maglaro sa dalawang paraan ng pagpopook ang dapat pagsipat sa mga piling tula sa librong Talipapâ: Antolohíya ng mga Tulâng Pambatà upang matumbok ang pagpapakahulugan. Una'y sa paraang may pagsunod muna sa padron ng namamayaning pagbasa sa mga akdang pampanitikan sa Pilipinas o *literary criticism*. Ito ang pagkilalang labas sa orihinal na lunan, o yaong malaon nang hindi pantay na estado ng Nasyunal na Kultura na sinasabi ni Zeus Salazar kontra Kulturang-Bayan ng mga lokal na maaari rin namang tunggalian sa pagitan ng *metropolitan (Cabanatuan City)* at *peripheral (Barangay Talipapa)*. Masasabing tama ang pagbasang ito sapagkat nagmula mismo sa PSDS, District 9 ng DepEd-SDO Cabanatuan City ang beripikasyon, *"Dati ang Talipapa Elementary School ay hindi pinapansin pero ngayon, hindi naming lubos akalain na may kakayahan silang maglabas o gumawa ng isang libro* (De Guzman, 2023)." Kung susuriing maigi ay litaw na litaw na rito ang dokrina ni Salazar (2009). Dagdag pa, sa pamantayan ng metropolitanismo sa panitikan, binabasa natin ang mga tula ayon sa antas ng tugmaan, lebel ng kahusayan sa imahen, retorika, at anyo (Almario, 1984). Ang labas ay bansa (Quibuyen, 1999). Kaya, kung babasahin malamang ng mga makatang lungsod ang mga tula sa Talipapa ay hindi malayong bansagan nila itong "Mga tula sa kaparangan."

Ang ikalawa nama'y ang [mga] bagabagin hinggil sa otentisidad ng [n]pagsasalita o [n]paglalarawan na mga entidad o *Object* na nasa loob ng kinikulusang tereyn ng *Subject* (Spivak, 2010). Nagbabago rin kasi ang disposisyon ng *Object* at *Subject* na pawa bang ipu-ipo ang siklo (Spivak, 2010). Ang mga entidad na tinutukoy dito ay ang mga mag-aaral ng *Talipapa Elementary School.* May babala na ang punong-patnugot hinggil sa otentisidad ng buong proyekto:

*"…Ang mga librong ating nababasa mula sa impresa at pondo ng Adarna House at Lampara ay kinatha ng mga nasa edad 18 pataas. Sa usapin ng sikolohiya, medyo iskeptiko ako na matapat nilang nabalikan ang kanilang kabataan. Bakit? Usapin kasi ito ng karanasan. Kumbaga'y hindi kayang dayain ng isang matanda ang kamusmusan ng isang bata (pg.9)."*

Kadikit ng usapin sa pagiging otentik ang usapin sa edad ng manunulat at makata. Dagdag pa, *"The grown-ups' response, this time was to advise to lay aside my drawings of boa constractors, whether from the inside or the outside, and devote myself instead to geography, history, arithmethic, and grammar. That is why, at the age of six, I gave up what might have been a magnificent career as a painter. I had been disheartened by the failure of my Drawing Number One and my Drawing Number Two. Grown-ups never understand anything by themselves, and it is tiresome for children to be always and forever explaining things to them* (Saint Exupéry, 1943)."

Ang dalawahang lente ng pagpopook at pagpapakahulugan ang susi upang mabigyan ng dalawang mukha nang pagbasa ang papel na ito. Isa rin itong paraan ng pagbabalanse upang lalong makita ang bunga ng *conscientization theory*. Sa unang lente, ibinubukas nito ang pintuan ng rekonsilyasyon sa pagitan ng dalawang espasyo na kahit pa nasa parehong panahon ay hindi pa rin pantay ang inabot na pag-unlad at sa malaon nang isyu *"the Other"* na madalas ay nakapangibabaw sa lahat maging sa *subjectivity* ng *Subject*. Sa panitikan, paano ito umiiral? *"The obscure, and the Other, by assigning a protagonist (Tablazon, 2014)."* Sa madaling sabi ay isa itong malakas na puwersa na tumutunggali sa *human subjectivity*. Kung gayon, makikita ang *"the obscure"* at *"the Other"* sa tulang *Dahilan ng Pagpupuyat* ni Mary Luna T. De Guzman kung saan ang nagsilbing protagonista ay ang isang *object*, ang telepono, na maaaring kontemporaryong artipakto ng globalisasyon ngunit simbayotikong manipestasyon naman ng pag-iral ng espasyo at panahon:

*Telepono, telepono*
*Napakaraming masamang epekto*
*Tulad na lamang ng di pagkain*
*Bakit? Sapagkat ang iyong utak*
*Ay tahimik niyang kinakain. (pg. 21)*

Sa tulang *Wika* ni Ronalyn M. Cruz, tila mas malaking suliranin sa wika ang kanyang nais tumbokin. Epektibo niyang nailahad ito sa ikaapat na saknong ng kanyang tula:

*Hanggang sa diwa'y nagising*
*Sa maraming hinaing*
*Na minsa'y ipinagkait sa atin*
*Ang wikang dapat ay pagyamanin. (pg. 29)*

Habang sa tulang *Himig ng Paglisan* ni Shenalyn Pascual, hahatakin tayong lahat bilang kanyang mambabasa sa bangin ng nihilismo sapagkat kanyang ipinapaalala ang sariling limitasyon ng damdamin, kahit pa ito'y nagkukuta sa likod ng puso na madalas ay siya namang bumubulag sa katwiran:

*Aking batid na nag-iba*
*Damdamin sa isa't isa,*
*Dahil nang tayo'y nagtagpo*
*Ay siya namang paglayo. (pg. 30)*

Ang mga bagay at karanasang nawawala sa isang tao [ ang utak na kinakain ng telepono, ang wika na kailangang pagyamanin, at ang damdamin na naglaho] ay ang *subjectivity* (Wolmark, 2000). Saan nga ba marahil nagmumula ang *inferior* na posisyon ng *subjectivity*? Malinaw itong nailahad ng tulang *Pag-abot ng Pangarap* ni Briana S. Tabora:

*Ako ay isang estudyante*
*Na may pangarap kaya't anong pagsisikap*
*At araw-araw kung pumasok*
*Kahit pa maraming pagsubok.*

International Journal of Arts, Humanities, and Literary Studies
Volume 1, Issue 1 | May 2024
Available online at: https://sites.google.com/view/hirayajournal/home

*Kaya't magsisikap akong lubos*
*Kahit lakas ko ay maubos;*
*Mananatili akong matatag*
*Kahit ulam namin ay di masarap*
*Maging sa kabilang bahay, ito ay nalalanghap. (pg. 21)*

Sosyo-ekonomikal ang *inferiority* na paksa ng tula ni Tabora. Ang "pagsisikap" at pananatiling "matatag" ang natitirang paraan para mapanatili ang *subjectivity*. Ang mga tulang gaya nito sa koleksiyon, sa kabilang banda, ay lumikha ng/sa isang klase ng persona na direktang kumokontra sa tinatawag na hegemonya (Gramsci, 1938) at pananaw at pang-unawa hinggil sa mga bata bilang mahina at walang-kakayahan (Jung, 1965). Sa tulang *Ako ay Bata* ni Ivy Clarise G. Tique, otentiko at epektibo niya itong nailahad:

*Ako ay bata.*
*Hindi matanda.*
*Madalas umiyak.*
*Ako ay bata.*
*Di ko naiintindihan ang mundo.*
*Bawal akong bumoto.*
*Walang boses*
*At di abot ang tainga ng batas.*
*Ako ay bata.*
*Walang kapangyarihan.*
*Di ko kayang imaneho ang sarili*
*Sa paaralan*
*O magbayad ng pagkain sa kainan. (pg. 25)*

Sa tulang ito, umangat ang tinatawag na lebel ng poetika o ars poetika (Tolentino, 2009) mula ekonomikal patungong politikal sapagkat may usapin na ng kapangyarihan. Hindi lamang ginamit ang mga salitang "bata", "matanda", "mundo", "boto", "batas", "paaralan", at "magbayad" na nasa *neutral* na antas kundi upang makalikha ng isang lohikal na proposisyon (Wittgenstein, 1922). Dagdag pa, "[a]ll the propositions of logic are generalizations of tautologies and all generalizations of tautologies are generalizations of logic. There are no other logical propositions (Wittgenstein, 1953)". Kung gayon, likas bang matampuhin ang mga bata sa mundo o sa kanilang komunidad, ang Barangay Talipapa? *"We were all children once and our childhood experiences vary depending on our family orientation, social status, dialects, linguistic communities, and diverse cultural backgrounds among others. But all of these boil down to one thing, innocence, and purity (Alfonso, 2023)."* Ang komentaryong ito ay naging meta-komentaryo sapagkat sa pamamagitan ng tula, na bunga marahil ng pagiging inosente at pagkakaroon ng puridad ng mga bata, ang mga bagay at pangyayaring mailap maitala sa pang-araw-araw na interaksiyon sa loob ng silid-aralan dahil na rin sa kapangyarihang namamagitan sa mag-aaral at kanyang guro, ay umigpaw mula sa lebel ng *literariness* (Sartre, 1959). Sa inisyal, ang dalawang lente na ating ginamit ay ang aktuwal na bunga ng *conscientization theory, "The second foundation is Transformational Learning, which is based on the assumption that personal interpretation of experience is the foundation that creates meaning that alters beliefs and behaviors (Freire, 1975)."* Kung gayon, hindi *fixed* ang kumbensiyon ng

pagtuturo at pagkatuto. Maaari rin itong magbago o mabago kung iiral ang tinatawag na *subjectivity* ng bawat *Subject* sa loob at labas ng unibersal at partikular na espasyo at panahon.

## UGNAYAN SA/NG OUTSIDE(R): UNITY AT HYBRIDITY

Sa kabilang dako, ang dialektikal na ugnayan sa labas ang nagtatakda ng halaga sa/ng antas lokalidad at pambansa. Mainam kaya ito? Maaaring mainam sapagkat nabubuo ang isang *national consciousness* at *national identity* (Constantino, 1962) pero maaaring maglaho ang kamalayang bayan dahil maging ang *archeology of knowledge* (Foucault, 1971) ay gaya rin sa politika na humahantong sa *hybridity* dahil sa *categorization* sa tema o paksa ng mga tula: panlipunan, kalusugan, kalikasan, hayop, pamilya, pagpapakatao, wika, prutas, sarili, bagay, at pangyayari. Ang pagkaklasipika ay isang bahagi at paraan ng pagpook at pagpapakahulugan. Iginugrupo ang bawat tema para malikha ang isang unibersal na pagpook at pagpapakahulugan. Ibig sabihin, dahil sa mga temang ito, nagiging buo ang Barangay Talipapa mula sa pananaw at lente ng *first-person point of view* kung saan *"...the novel [poem] seeks to obtain what Said termed the permission to speak* (Tablazon, 2014)*."* Na[bu]buo pansamantala ang isang identidad, halimbawa ng Barangay Talipapa, dahil sa pamamagitan ng tula at mga imahen ay nakapagsalita at naokupa ng kanilang kolektibong panitikan at sining ang espasyo na labas na sa kanilang organikong lunan. Hindi lamang sila sumusunod sa padron ng mga nasa labas kundi ipinapakilala nila ang mga eksistensiyal at esensiyal na katangian at lohika ng pag-iral gaya ng/sa simbayotikong relasyon ng tao sa hangin, hangin sa tubig, tubig sa bangka, bangka sa hangin, at hangin sa tao.

Ang simbayotikong ugnayan ay epektibong naipakita ni Nikhole Reyes Bernardino sa tula niyang *Ang Krayola:*

*Krayola ay ating gamitin sa ating mga likha,*
*gawin nating makulay mundong sa ati'y ipinagkatiwala;*
*sining ng buhay ay pintahan ng magagandang halimbawa,*
*buhay ay magiging makabuluhan sa paggamit ng krayola. (pg. 34)*

Sa tula ni Bernardino, mistulang may sariling buhay, isip, at pagpapasya ang krayola na siyang makakatuwang ng persona sa tula sa paghabi ng isang makabuluhang buhay. Ang simbayotikong ugnayan ng persona sa krayola, sa kabilang banda, ay may kapangyarihang gawing makulay ang mundo na para bang *antithesis* ito ng tulang *Himig ng Paglisan* ni Pascual.

Sa *Labintatlong Haiku* ni Dr. Ruth C. Alfonso, maliban sa ipinook niya sa kalagayang Filipino ang banyagang anyo ng pagtulang Hapon na may sukat na 5-7-5, lumilikha ng isang anyo ng malikhaing diskurso ang numerong labintatlo. Kung sisipatin ang pagkakasalansan ng mga pamagat na "Tag-araw", "Hikab", "Nanay", "Himpil", "Langgam", "Tsinelas", "Singhal", "Sinulid", Bundok", "Palengke", "Bahay", "Tampisaw", at "Damo" ay lumilikha ng isang *subliminal* na imahen na kayang tumagos sa literal na antas tungong metapisikal. Dumadapo sa empirikal na lebel ang mga imahen ng pananabik, pag-asa, at pagdurusa na binubuo pa ng dalawa hanggang tatlong antas ng pananalinghaga sa kahulugan gamit ang pinagsanib na anyo ng katutubong re-presentasyon at dayuhang sukat, porma, at rima. Sa puntong ito, matingkad ang *unity* sa banyagang anyo ng tula, ang *haiku*, na nagresulta sa tinatawag na *hybridity*. Kaya, nagbabagong bihis din ang pagpopook at pagpapakahulugan na ginawa ni Dr. Alfonso. Ito ang tinatawag na *"Total coherence at homogeneity*

**International Journal of Arts, Humanities, and Literary Studies**
Volume 1, Issue 1 | May 2024
*Available online at: https://sites.google.com/view/hirayajournal/home*

(Spivak, 2000)*"* na *"...presumably brings the margin into central consciousness in order to familiarize non- Badjao [Talipapa] readers* (Tablazon, 2014)*."* Sa pag-iisang ito ng loob at labas, halimbawa ng Talipapa at bansang Hapon sa kaso ng *Labintatlong Haiku* ni Dr. Alfonso, kolektibong hinawan at hinahawan ang landas tungong mas mataas na anyo at porma ng malikhaing pagsulat na sa dulo'y hindi rin naman sila pupuwedeng magsama sapagkat *"Binary opposites either collapse or implode (San Juan, 1988)."* Nilamon ng lokalisasyon ang tulang *haiku*, nagkaroon ito ng lokal na lasa, dalawang panahon [tag-ulan at tag-araw] at mga imahen dahilan para maglaho ang partikular na batas sa pagsulat ng *haiku*, ang pangangailangang dapat nagtataglay lamang ito ng *Japanese four seasons* maliban sa sukat na 5-7-5 ng makatang si Basho.

Kung gayon, mainam na nagsalita ang mga bata hinggil sa kanilang sarili at sa paraang kolektibo nila ginampanan ang gawain sa pagsasalita at pagpapahayag ng kanilang pinag-isang danas. Ang pagpasok ng mga tagalabas o *"Outsider"* sa proseso ng palihan ay upang hindi mabigo ang pedagohiya sa/ng *conscientization*. Isa rin itong paglayo sa istriktong pananalig sa puristang katangian ng isang kultura, ng kultura ng Talipapa halimbawa. Hamon kung gayon sa lahat na manunulat ang sinabi ni Fee (1995), *"...One may write as other, provided that the 'writing [...] promote[s] indigenous access to power without negating indigenous difference. (245)"* Pero, kung ibabatay sa mga karanasan ng mga nasa laylayan ng lipunan, sinabi ni Said na hindi sasapat ang pagiging personal, matapat, simpatetiko, at kaalamang humanistiko [na madalas ay nagtataguyod pa ng asimilasyong nakasunod pa rin sa padron ng namamayaning gahum] sa malikhaing pagsulat. Ito ay dapat laging mga pagtatangka sa re- presentasyon at representasyon. Kitang-kita ito sa tulang *Batang Munti* ni Rhea Mae Tayao:

*Isang batang munti*
*Pangarap niya ay sari-sari*
*Pagmamahal sa kanyang magulang,*
*Ay ginagawa palagi.*

*Munting bata, sa iyong paglaki*
*Nawa'y matutuhan mo ang wastong pag-uugali*
*Upang makamtan mo ang mga pangarap*
*Na iyong minimithi. (pg. 32)*

## LAGOM: SILIP SA GUWANG AT BUNGA

Ginagayak at igagayak pa tayo ng librong Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata (2023) sa isang anyo ng pagsipat na paibabaw *[surface criticism]* patungong pagsisiyasat sa kailaliman *[in-depth criticism]*. Itinambad, sa kabilang banda, ng dalawahang lente ng pagbasa o simbayotikong analisis hinggil sa salungatan at kaisahan ng loob at labas. Sa ganang ito, ang salungatang ito'y nagresulta sa tinatawag na *hybridity* na siyang bunga ng *"Unity of the opposite (Hegel, 1832)."* Batayang batas ito ng dialektika. Ang simbayotikong siklo ay epektibong naipakita sa ganitong pormula: tao at lipunan, lipunan at tao. At dahil dito, hindi isang kabalintunaan ang sinasabi ng *conscientization theory* ni Freire sapagkat nagawa nitong basagin ang nosyon na ang "Mga bata ay bata lamang." Nagawa ng palihan na buksan ang isang bagong mundo para sa lahat ng mga nagsipaglahok, mundong sila rin ang lilikha at kanila sapagkat natutuhan nilang ipook at bigyan ng kahulugan ang kanilang pinagsanib na mga diwa at praxis (Spivak, 2010).

Kapansin-pansin ang malaking pintuang nagbukas para sa mga mag-aaral ng Talipapa Elementary School pagkaraang maisapubliko ang naging bunga ng kauna-unahang malikhaing palihan sa kanilang lugar. Naimbitahan sila sa programang DepEd Hour ng SDO Cabanatuan City para isang espesyal na panayam noong Hunyo 6 ng taong kasalukuyan. Naging laman din sila ng balita sa loob ng Siyudad ng Cabanatuan hanggang sa DepEd Region 3 sa Pampanga, kumbagay lumikha ng ingay ang ilaya. Sa bahagi naman ng MVGFC bilang siyang nagdala ng pagkakataong malinang ang mga batang manunulat, makata, at dibuhista ng lugar ay muli nitong napatunayang may kakayahan itong palakasin ang mga komunidad na nasa ilalim ng kanyang *extension work*. Dahil dito, makailang-ulit silang ginawaran ng pagkilala ng SDO Cabanatuan City dahil sa hindi matatawarang dedikasyon sa pagbibigay ng kaalaman at kasanayang kapakipakinabang sa pag-unlad ng indibidwal at pamayanan. Bilang dagdag na resulta, nagpahayag ang DepEd ng pagnanais na pumasok sa isang *Memorandum of Agreement* kung saan higit na ipagpapatuloy sa mas malawak na saklaw ang palihang sa malikhaing pagsulat na nagsimula lamang sa maliit at payak na paaralan ng Talipapa.

Panghuli, ito ang epektibong bisa ng lapat sa lupang interbensiyon sa komunidad. Nahuhulma ang dapat ihulma at nalilikha ang dapat ilikha lagpas sa unang akalang hangganan ng posibilidad at imposibilidad. Kung anu't anuman, sa talabang ito ng pagkakaroon ng bisa, ang laging panukatan ng epektibidad ay ang signipikanteng epekto sa buhay ng mga batang unang inakala bilang mga "bata lamang." Hindi kalabisan kung ating sasabihin na sampu hanggang dalawampung taon mula ngayon ay magmumula sa Barangay Talipapa ang bagong bulto ng mga manunulat at makata, wika nga'y huwag manalig lagi sa limitasyon sapagkat *"The limits of my [your] language is the limits of my [your] world* (Wittgenstein, 1927).*"*

## SANGGUNIAN

Abiva, R.B. et al. "Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata." Cavite: 7 Eyes Production (OPC), 2023.

"Can the Subaltern Speak? | Columbia University Press." *Columbia University Press*, CUP, 2015, cup.columbia.edu/book/can-the-subaltern-speak/9780231143851.

"Concepts Used by Paulo Freire - Freire Institute." *Freire.org*, freire.org/concepts-used-by-paulo-freire.

Dawson, Rahsaan, and Mejai Avoseh. *FREIRE'S CONSCIENTIZATION and the GLOBAL STUDENT: TOWARDS EMANCIPATORY TRANSFORMATION*. files.eric.ed.gov/fulltext/ED597497.pdf.

Deb, Nilanjana. "Conscientization in the Indian Classroom: An Experiment in the Critical Learning of Postcolonial Literature." *The Cambridge Journal of Postcolonial Literary Inquiry*, vol. 7, no. 3, Sept. 2020, pp. 247–57, https://doi.org/10.1017/pli.2020.14. Inakses noong 9 ng Set. 2021.

Foucault, Michel. "The Archaeology of Knowledge by Michel Foucault: 9780394711065 | PenguinRandomHouse.com: Books." *PenguinRandomhouse.com*, 2012, www.penguinrandomhouse.com/books/55033/the-archaeology-of-knowledge-by-michel-foucault/. Inakses noong ika- 26 ng Ene. 2020.

"Home." *Www.mvgallego.edu.ph*, www.mvgallego.edu.ph/. Inakses noong ika- 18 Hulyo 2023.

Horn, Lisa, et al. “The Importance of the Secure Base Effect for Domestic Dogs – Evidence from a Manipulative Problem-Solving Task.” *PLoS ONE*, edited by Anna Dornhaus, vol. 8, no. 5, May 2013, p. e65296, https://doi.org/10.1371/journal.pone.0065296.

Nasrullah Mambrol. “Homi Bhabha’s Concept of Hybridity.” *Literary Theory and Criticism*, 5 Jan. 2019, literariness.org/2016/04/08/homi-bhabhas-concept-of-hybridity/.

Redding, Paul. “Georg Wilhelm Friedrich Hegel (Stanford Encyclopedia of Philosophy).” *Stanford.edu*, 2015, plato.stanford.edu/entries/hegel/.

Reyes, Soledad S. “Main Trends in the Criticism of Epifanio San Juan, Jr.” *Philippine Studies*, vol. 25, no. 3, 1977, pp. 302–33, www.jstor.org/stable/42634561. Inakses noong ika- 18 ng Hulyo 2023.

Reyes, Soledad S., and Virgilio S. Almario. “Review of BALAGTASISMO versus MODERNISMO.” *Philippine Studies*, vol. 33, no. 1, 1985, pp. 115–19, www.jstor.org/stable/42632773. Inakses noong ika- 18 ng Hulyo 2023.

Said, Edward. *Orientalism*. 1979, monoskop.org/images/4/4e/Said_Edward_Orientalism_1979.pdf.

“Sartre on Literature | Issue 75 | Philosophy Now.” *Philosophynow.org*, philosophynow.org/issues/75/Sartre_on_Literature.

“UNDER the STORM: An Anthology of Contemporary Philippine Poetry.” *No. It’s Not You. It’s Your Mother.*, 27 July 2011, dakilayounghouseband.wordpress.com/2011/07/27/under-the-storm-an-anthology-of-contemporary-philippine-poetry/. Inakses noong ika- 18 ng Hulyo 2023.